# Ang Alamat ng Batang Manunulat

*Kinalakhan ko ang makukulay at magigiting na katha na hinulma mula sa kultura't kasaysayan ng bayan at mundong ito. Iba't ibang mga nagkukulayang akda – kathang-isip at di-kathang-isip – ang narinig at nabasa ko. Itong mga ito ang tinuturo kong dahilan kung bakit pinapangarap ng isang tulad ko ang maging isang tanyag at mahusay na manunulat.*

Nasa ikalawang baitang ako noon nang may magbenta sa klase namin ng mga librong pambata. Ang mga librong iyon ay kinapaparoonan ng mga alamat, pabula't mga salawikain.

Noong unang may magbenta sa 'min, hindi ako pinalad na mapasali sa mga pinagbentahan. Pili lang ang nabigyan sapagkat unti lang ang kopya ng libro. Iyong mga siguradong may pambayad lang ang binigyan para, siguro, di na sumakit pa ang ulo ni titser sa paniningil.

Noong may muling magbenta, talagang nakipagsiksikan na ako. Ayoko nang palampasin pa ang pagkakataong iyon. Nakipagtulakan na ako, makita, mapansi't mabigyan lang ng libro ni titser. "Ma'am, bigyan po ninyo ako," sigaw ko. Subalit wa epek ito. Kaya noong isa na lang ang libro at wala pa ako, ginawa ko na ang natatanging bagay na alam kong hindi mahihindian ni titser. Umiyak na ako.

Dahil sa ilang patak ng luha, binigay sa akin ang huling kopya ng langit sa hirap abutin na librong iyon.

Buong akala ko, doon na nagtatapos ang kadramahan ko. Hindi pa pala. Pati sa paghingi ng pambayad kay lola, pahirapan din. Hindi ko inakalang pati sa paghingi ng perang pambili ng "libro", kinakailangan pa ring pang-*best child performer* ang arte.

Pagkatapos ng ilang madramang eksena, kahit gipit si lola, binigyan niya ako ng pambayad. Kinabukasan, nang maiabot ko ito kay titser, tuluyan nang napasaakin ang ika ko nga'y langit sa hirap abutin na librong iyon. At bilang ganap na pag-aangkin sa libro, isinulat ko sa unang pahina nito ang naiiba kong pangalan. Iyon ang kauna-unahang librong pampanitikan na tunay kong masasabing "akin".

Mula noong araw na iyon, wala na akong iba pang ginawa kundi ang magbasa. Basa doon. Basa dito. D'yan, ganyan, nagsimula ang pagkahumaling ko sa panitikan.

Sa kasalukuyan, napapangiti na lang ako sa tuwing nakikita ko ang librong iyon. Luma na ang libro, hindi na singtingkad ng dati nitong kulay ang kulay ng pabalat nito ngayon. Gayunpaman, ang mga kwentong nakaimprenta sa mga pahina nito ay nananatiling walang kupas. Ang librong iyon na kinapaparoonan ng mga panitikang pambata na kumalong sa musmos kong imahinasyon ay ang maituturing kong natatanging kayamanan na meron ako. Salamat sa librong iyon dahil sa kanya, napagtanto ko na ang panitikan ay isang malawak, buhay na mundo. Iba't ibang nilalang, karakter na may iba't ibang prinsipyo, paniniwala, itsura, kulay, at pagkatao ang aking nakilala't natutunang pakisamahan. Itong mga nilalang na ito ang mga naging kasa-kasama ko sa mga oras ng aking pag-iisa; kaya dahil sa kanila, hindi ako tuluyang nabato at nabagot. Ang mga kwentong doo'y nananahan sa librong iyon ang siya ring nagbigay daan para matutunan ko sa murang edad ang bagay tungkol sa buhay na dapat kong malaman: ang tama at ang mali. Ang mga aral na itinuro ng aking mga nabasa ang nagsilbing gabay ko sa pagganap ko sa kwento ng aking sariling buhay. Dahil sa mga iyan kaya ko nasasabi na daigdig sa laki ang naging tulong ng panitikan sa aking paglaki at kalauna'y pag-unlad ko bilang isang estudyante. Liban sa mga nabanggit, dahil din sa librong iyon, sa panitikan, kung kaya't umusbong sa akin ang isang pangarap – ang maging isang manunulat.

***

*Ang ating mga pangarap ay panitikan sa ganda at kulay. 'Yan ang aking napagtanto habang inaabot ko ang pangarap kong maging isang manunulat.*

Marami ang nagsasabi na kung gusto kong maging mahusay na manunulat, kailangan kong magbasa nang magbasa nang magbasa. Sinunod ko ang payong ito. Kaya nga sa pagsasakatuparan ng pangarap ko, wala na akong ibang ginawang katuwang kundi ang panitikan. Hindi naman ako binigo ng panitikan dahil bukas-puso naman niya akong tinulungan. Di nagtagal, unti-unti, napapansin kong umaayos na ang mga sinusulat ko. Nakukuha ko na ring maipahayag nang masining at nang malinaw ang mga ideya na nais kong iparating. Kasiya-siya na rin ang paggamit ko sa mga salita't bantas, dahilan para maging marikit ang bawat pangungusap na aking nililikha. Sa paglipas ng panahon, habang patuloy ako sa pakikisalamuha sa mga akdang pampanitikan, naging madali na para sa akin ang proseso ng pagsusulat, di tulad noong una na kailangan ko pang mangapa't mamalagi sa kawalan. Higit sa lahat, sa tulong ng mga nababasa ko, nagkaroon na ako ng sapat na kaalaman kung paano bigyan ng direksyon at kabuluhan ang bawat kwentong hinahabi ko.

Bukod sa pagpapaunlad sa aking kakayahang magsulat, tinulungan din ako ng panitikan na paunlarin ang ibang aspeto ng aking buhay gaya halimbawa ng kung paano ko sipatin ang mundo at ang reyalidad nito. Naging posible ito sapagkat ipinaranas sa akin ng panitikan ang napakaraming bagay.

May mga akdang tahasang sumasalamin sa mga kaganapan sa ating lipunan. Patunay ang mga ito na hindi lamang puro pantasya ang tinatalakay ng panitikan bagkus maging ang mga bagay na minsa'y tinatago sa atin o 'yung mga sadyang marahas para atin pang makita nang aktwal. Dahil

sa panitikan, mas madali kong naunawaan ang wika ng kasaysayan. Dahil sa panitikan, nakita ko ang dapat kong makita – kung sino at ano nga ba tayo.

Buhat nang ituro sa akin ng panitikan hindi lang ang mga sagot sa "ano", "sino", "saan" at "kailan" kundi pati na rin ang mga kasagutan sa "bakit" at "paano" ng napakalawak na mundong ito, kasiya-siyang lumawak ang nasasakupan ng aking isipa't imahinasyon. Kaya nga hindi na ako nagtataka kung bakit mas naging mainam hindi lang ang aking pananaw kundi pati na rin ang pagiging kaisa ko sa bayang aking kinabibilangan.

Sa unti-unting pagkamit ko sa munting pangarap ko na maging isang tanyag at mahusay na manunulat, napag-alaman kong sadyang nilikhang mailap ang bawat salita. Hindi sila aagos, dadaloy sa hawak mong panulat kung wala kang sapat na karanasan o kung di ka mulat sa reyalidad ng mundong ating ginagalawan. Kaya naniniwala ako na bawat salitang bumubuo – mula simula hanggang wakas – sa isang akda, kathang-isip man o hindi, ay kinapapalooban ng mga bagay na maaaring makapagpabago sa pananaw ng isang tao. Ang pagbabagong ito sa pananaw ay ang siyang magiging daan upang lalong mabukas ang isipan ng isang nilalang. Ang pagkabukas ng isipang ito naman ang maaaring maging susi para magsumikap siyang paunlarin ang sarili. Sa ganitong paraan, mapapaangat niya ang kalidad ng kanyang buhay. Dito pa lang, may naitulong nang malaki ang panitikan. Dito pa lang, may kaunlaran na.

***

*Sa kakabasa at kakasulat ko, napag-alaman kong ang tunay na kaunlaran ng isang baya'y nagsisimula sa pag-unlad ng mga mamamayan nito bilang isang indibidwal. Sa bandang huli kasi, ano ba ang bumubuo sa isang nasyon? Hindi ba't ang mga mamamayan nito bilang isang indibidwal?Samakatuwid, ang alamat ng kaunlaran ng ating bayan ay nag-uugat mula sa bawat isa sa atin na nangangarap at nagsusumikap sa buhay.*

Sa kasalukuyan, patuloy pa rin akong nagsusumikap sa pagsulat at pagpapabuti ng mga sarili kong akda. Sa kasalukuyan, di ko pa man naaabot ang pangarap kong maging isang tanyag at mahusay na manunulat, naniniwala ako na sa ibang aspeto ng aking pagkatao, may naabot na ako dahil malaki na ang ipinagbago at inunlad ko bilang isang indibidwal. At lahat ng ito ay nang dahil sa panitikan – nang dahil sa bawat bantas at salita na nananahan sa isang akdang nabasa't narinig ko, kathang-isip man ito o hindi.

Batid ko na hindi lang ako ang kayang tulungan ng panitikan. Hindi lang ako kundi lahat tayo. Batid ko rin na hindi lang ang pangarap ko ang kayang gawing posible ng panitikan. Hindi lang ang pangarap ko bagkus ang pangarap nating lahat. Ang kailangan lang ay maniwala tayo sa ating sarili at magsumikap sa buhay habang gamit natin bilang gabay ang mga turo ng panitikan.

Habang ang daigdig ay patuloy sa pag-ikot at ako nama'y patuloy sa pagsasakatuparan ng aking mithiing maging isang manunulat, naging malinaw sa akin na tayo ang sinasalamin ng panitikan – mula sa 'ting mga kabiguan hanggang sa 'ting mga tagumpay. Tayo ang bumubuo sa mga ito – istorya natin, likha natin. Kaya hindi maitatanggi na tayo ang panitikan – kultura natin, kasaysayan natin. Kaya kung ang panitika'y ating susuriin, aaralin at mamahalin, at ang mga aral sa mga ito'y ating isasapuso't isasabuhay, tayo at ang bayang ating kinabibilangan – wala ng iba – ang mababago, at kalauna'y mapapaunlad nito.